

Paraan ng Pagpangasiwa sa Bagong-uri na Trangkaso (Trangkasang A/H1N1)

Para sa lahat ng mamamayan

Mula ng magumpisa ang bagong semestre ng paaralan nitong Setyembre, lalo nang tumindi ang panganib na lumaganap ang impeksiyon. Para paghandaan ang pagdating ng taglagas at taglamig, ang bawat isa ay sana magsumikap upang mapigil ang paglaganap ng impeksiyon.

• Maaaring magpatingin dahil sa bagong-uri na trangkaso (trangkasong A/H1N1) sa mga karaniwang pagamutan sa loob ng Lungsod ng Shizuoka

Upang mapigilan ang paglaganap ng impeksiyon, pag-ingatan ang mga sumusunod kapag magpatingin sa manggagamot.

[Mga Karaniwang Tao]

Kapag nagpatingin, tumawag muna sa pagamutan, tanungin kung anung oras maaaring pumunta upang magpatingin at kung ano ang dapat gawin, at gumamit ng maskara upang magpatingin. (Sa mga pedyatrya, may kaso hindi maaaring tumawag bago pumunta, antimano tiyakin sa laging pinupuntahang manggagamot ang tungkol dito.)

[Mga taong may dati nang dalang karamdaman sa katawan tulad matagalang sakit sa bahagi ng katawan na may kinalaman sa paghinga, matagalang sakit sa puso, may sakit sa metabolismo, may sakit sa bato, at hindi sapat ang likas na panlaban ng katawan sa sakit]

Tumawag muna sa laging pinupuntahang manggagamot o kaya sa pagamutan na malapit sa inyo, tiyakin ang paraan upang magpatingin bago pumunta upang magpatingin.

[Mga nagdadalang-tao]

Tumawag sa laging pinupuntahang manggagamot at humiling na ipakilala sa pagamutang maaaring puntahan upang magpatingin. Maaaring ipadala ng inyong manggagamot sa panganganak ang inyong medikal rekord sa pagamutan na inyong pupuntahan upang magpatingin.

• Magsikap upang mapigil at maiwasan ang paglaganap ng impeksiyon

- Mga magagawang bagay ng bawat isa upang mapigil ang impeksiyon
 - Pagsikapan na maghugas ng kamay pag-uwi galing sa labas.
 - Pagsikapan na panatiliin sa katamtaman na temperatura ang loob ng silid, at magpapasok ng sariwang hangin.
 - Mamuhay ng tama at magpahinga ng sapat
 - Tignan na balanse ang kinakaing pagkain at sapat ang tubig na iniinom.

- Ang pag-iwas ng paglaganap ng impeksiyon sa pamamagitan ng [maayos na asal sa pag-ubog]
 - Gumamit ng maskara kapag may ubo / hatsing na sintoma.
 - Takpan ang bibig at ilong ng tisiyu kapag umubo / humatsing.
 - Kapag umubo / humatsing, humarap sa lugar na walang tao.